

Metro South Addiction and Mental Health Services

Kontakin kami

Direksiyon

Floor 1, 519 Kessels Road
MacGregor Qld 4109

Telepono

07 3167 8333 (Brisbane sa metrong lugar)
1800 188 189 (Labas ng metrong lugar ng Brisbane)

Paksimile

07 3167 8322

Email

qtmhc@health.qld.gov.au

Website

www.health.qld.gov.au/metrosouthmentalhealth/qtmhc

Oras ng Pagbubukas

Lunes – Biyernes
8.30nu – 5.00nh

Metro South Addiction and Mental Health Services

Sentro ng Transkultural na Pangkaisipang Kalusugan ng Queensland

Serbisyo sa buong estado para sa mga taong may magkakaibang kultura at wika

Ang aming pananaw

Malulusog na isip = isang malakas at malusog na mutikultural na komunidad

Ang aming layunin

Pangunahan ang mga bagong pagpapabuti ng pangkaisipang kalusugan at magtamo ng mga malulusog na pag-iisip at kabutihan sa buong haba ng buhay sa ating magkakaibang komunidad sa pamamagitan ng pagtutulungan.

TAGALOG

Sentro ng Transkultural na Pangkaisipang Kalusugan ng Queensland (QTMHC)

Ano ang Sentro ng Transkultural na Pangkaisipang Kalusugan ng Queensland(QTMHC)?

Ang Sentro ng Transkultural na Pangkaisipang Kalusugan ng Queensland(QTMHC) ay nagbibigay ng ispesyalistang serbisyo sa buong estado para sa mga tao, pamilya, komunidad at samahan na may magkakaibang kultura at wika(CALD)upang padaliin ang pag-alaga ng pangkaisipang kalusugan sa paraang kasang-ayon sa kultura. Ito ay nakapokus sa mga mahihirap unawaing pangkaisipang problema sa lahat ng mga grupo ng idad at sa walang-tigil na pagkakasunod-sunod na pag-alaga.

Pinapadali ito ng QTMHC sa pamamagitan ng kliniko at kultural na mga pagkonsultang serbisyo at ang pagbigay ng mga impormasyon,kaparaanan, kliniko at pangkomunidad na edukasyon at sa pagtataguyod ng pangkaisipang kalusugan, mga programang ukol sa pag-iingat at maagang pamamagitan.

Mga Serbisyo

Klinikong pagkonsultang serbisyo

Ang QTMHC ay nagbibigay ng mga ispesyalistang klinikong serbisyo sa pamamagitan ng mga klinikong ispesyalita at mga pangkaisipang kalusugang kasangguni na nagsasalita ng dalawang wika. Nasasaklaw nito ang higit sa 100 wika at mga kultural na grupo.

Ang serbisyo ay nagbibigay ng ispesyalistang pagtatasa at maikling panahon na pamamagitan at mga impormasyon, payo at mga opsyon ng pagsasangguni sa mga nagbibigay ng pangkaisipang kalusugang serbisyo, mga konsumidor at kanilang mga pamilya.

Aklatan at mga pagkukunan na nasa maraming wika

Ang QTMHC ay may aklatan na may malawak na pagkukunan ng mga impormasyon tungkol sa magkakaibang paksang ukol sa transkultural na pangkaisipang kalusugan at mga sinaling impormasyon tungkol sa sari-saring isyung ukol sa pangkaisipang kalusugan.

Pagtaguyod ng pangkaisipang kalusugan, pag-iingat at maagang pamamagitan

Sa pakikipagsosyo sa isang hanay ng mga samahan, ang QTMHC ay nagtutugma ng isang hanay ng mga pang-grupong programa at mga gawain na nakatuon sa pagbawas ng estigma at pagdagdag ng karunungan tungkol sa pangkaisipang kalusugan at ang kakayahang makabawi ng lakas, sigla atbp sa mga multikultural na komunidad.

Programang mga Multikultural na Pangkaisipang Kalusugang Koordinador sa buong Estado(MMHC)

Ang QTMHC ay nagtatrabaho na kasosyo ang mga serbisyong ukol sa pangkaisipang kalusugan sa loob ng ospital at mga pangkaisipang kalusugang serbisyo sa buong estado sa pamamagitan ng mga tungkulin ng MMHC na nakapokus sa pagpapadali ng pangkaisipang kalusugang pag-aalaga na angkop sa kultura sa mga konsumidor at sa kanilang mga pamilya at sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na multikultural na grupo.

Pagsali ng konsumidor at tagapag-alaga

Ang QTMHC ay nagtatrabaho kasama ng mga konsumidor at mga tagapag-alaga na may magkakaibang kultura at wika para tiyakin ang pagpapasok sa mga QTMHC na programa at serbisyo at sa mga higit na malawak na mga bagay ng pamamalakad at programa.

Pagbuo ng pamamalakad at serbisyo

Ang QTMHC ay mayroong tuloy-tuloy at estratehikong tungkulin sa pagbuo ng pamamalakad at serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at mga kaugnay na bagay sa lebel ng estado at pamahalaang komonwelt.

Pananaliksik

Tinataguyod ng QTMHC ang mga magkakasosyong nagtutulungang pananaliksik para umunlad pa at magdagdag sa base ng mga datos sa transkultural na pangkaisipang kalusugan.

Edukasyon at pag-unlad

Ang programa ng edukasyon ay nakapokus sa pagdagdag ng kultural na kakayahan ng mga nagtatrabaho sa larangan ng pangkaisipang kalusugan at ang karunungan ukol sa pangkaisipang kalusugan ng multikultural na sektor ng mga samahan at mga grupo.

Makakatulong kami kung:

- Nais ninyong magsaayos ng pagtatasang angkop sa kultura at/o ng edukasyong ukol sa kaisipan para sa isang konsumidor at/o sa mga miyembro ng kanyang pamilya
- Nangangailangan kayo ng transkultural na pangkaisipang kalusugan na pagsasanay para sa inyong mga tauhan
- Kailangan ninyo ng isang natatanging kultural na impormasyon para sa isang konsumidor o kultural na grupo na kasama ninyong nagtatrabaho
- Nais ninyong magsaayos ng isang workshop tungkol sa isang natatanging isyung ukol sa pangkaisipang kalusugan sa inyong komunidad
- Naghahanap kayo ng mga libro, mga lathala at mga pagkukunan ng impormasyon tungkol sa isyu ng transkultural na pangkaisipang kalusugan
- Kailangan ninyo ng payo tungkol sa mga isyu ng pagbuo ng serbisyo ng magkakaibang kultura